



Binabati kita sa pagpapasya na makuha ang COVID-19 na bakuna!

Ang desisyon na magpabakuna sa COVID-19 ay nasa sa iyo at ng mga nasa hustong gulang sa iyong buhay. Ang pagkuha ng bakuna ay nagpapababa sa iyong panganib na magkaroon ng COVID-19. Kung ikaw ay nahawahan ng virus pagkatapos mabakunahan, mas mababa ang posibilidad na mas magkasakit ka. Mas maliit din ang posibilidad na ikalat mo ang virus sa iba pa.

Ang pagpapabakuna ay ginagawang mas ligtas ang pakikihalubilo sa ibang tao. Ang pakiramdam mo ay mas ligtas sa paaralan, pakikihalubilo kasama ang mga kaibigan, paglalaro ng larong pang-palakasan o ginagawa ang iba pang aktibidad na gusto mo.

Paano ko makukuha ang pahintulot sa aking magulang para kunin ng bakuna?

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, ang magagawa ng iyong mga magulang ay sumama sa iyo upang makakuha ng bakuna o maaari mong dalhin ang isang pahintulot sa bakuna na nilagdaan ng iyong magulang. Kung hindi posible ang mga pagpipilian na ito, maaari naming tawagan ang iyong mga magulang, para makapagbigay sila ng pahintulot sa pamamagitan ng telepono. Kung hindi namin makontak ang iyong mga magulang, ngunit sa tingin mo ay gusto nila para makuha mo ang bakuna, ibibigay namin ito sa iyo, ngunit kung ikaw lamang ay 12 taong gulang o mas matanda.

Ayaw ng mga magulang ko na magpabakuna ako, pero gusto ko. Makukuha ko pa din ba ito?

Hindi. Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang at alam mo na ayaw ng iyong mga magulang na magpabakuna ka, hindi namin ito maibibigay sa iyo. Matutulungan ka naming makipag-usap sa iyong mga magulang tungkol sa bakuna. Pero kung ayaw pa din nila na mo makuha ito, hindi ka namin mabakunahan.

Ano ang aasahan pagkatapos makuha ang COVID-19 na bakuna.

Maraming tao ang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 na nagkaramdam ng mga epekto 1-2 araw pagkatapos. Ang mga ito ay hindi senyales ng pagkakaroon ng COVID-19. Ang mga sintomas na ito ay nangangahulugan na gumagana ang bakuna! Kabilang sa mga posibleng epekto ang:

- Sakit sa braso kung saan mo nakuha ang bakuna
- Lagnat, panlalamig, sakit ng kalamnan
- Sakit ng ulo, nakadadama ng pagod o nasusuka

Kung mayroon kang mga karaniwang sintomas na ito pagkatapos mong makuha ang bakuna, hindi mo na kailangang manatili bahay at lumayo sa iba. Pero kung meron ka din na iba pang sintomas tulad ng ubo o pananakit ng lalamunan na hindi sanhi ng bakuna, dapat kang manatili sa bahay. Kung hindi bumuti ang pakiramdam mo 2 araw pagkatapos ng iyong bakuna, dapat mong kausapin ang iyong doktor.

Bagama't napakabihirang, may mga taong may malubhang reaksyon sa bakuna ng COVID-19. Ito ang dahilan kung bakit kailangan mong maghintay ng 15 hanggang 30 minuto pagkatapos mong makuha ang bakuna para masubaybayan ka ng iyong tagapagbigay para sa anumang seryosong mga reaksyon.

Huwag kalimutan na bumalik para sa iyong pangalawang dosis!

Itanong sa iyong tagapagbigay kung kailan mo kailangan bumalik para sa pangalawang dosis at gumawa ng appointment bago ka umalis. Tumatagal ng 2 linggo matapos makuha ang pangalawang dosis ng COVID-19 na bakuna upang ituring kang 'ganap na nabakunahan' laban sa COVID-19.

Itago ang iyong card ng bakuna sa isang ligtas na lugar.

Bibigyan ka ng card na nagpapakita ng pangalan at petsa ng iyong bakuna. Ito ang iyong patunay na ikaw ay nabakunahan na laban sa COVID-19! Kuhaan ng litrato at i-email ito sa iyong sarili. Ipakita ito sa iyong doktor sa susunod na makita mo sila.

